

Online Research @ Cardiff

This is an Open Access document downloaded from ORCA, Cardiff University's institutional repository: <http://orca.cf.ac.uk/108180/>

This is the author's version of a work that was submitted to / accepted for publication.

Citation for final published version:

Turgo, Nelson 2018. Sina Gat Uban at Horacio dela Costa sa Mauban: Mga Paghahanap sa Tanawin Tungo sa Pagbubuo ng Lokal na Kasaysayan at Pambayang Identidad. Malay 30 (1) , pp. 13-27. file

Publishers page: <https://ejournals.ph/article.php?id=11909> <<https://ejournals.ph/article.php?id=11909>>

Please note:

Changes made as a result of publishing processes such as copy-editing, formatting and page numbers may not be reflected in this version. For the definitive version of this publication, please refer to the published source. You are advised to consult the publisher's version if you wish to cite this paper.

This version is being made available in accordance with publisher policies. See <http://orca.cf.ac.uk/policies.html> for usage policies. Copyright and moral rights for publications made available in ORCA are retained by the copyright holders.



RESEARCH ARTICLE

Sina Gat Uban at Horacio dela Costa sa Mauban: Mga Paghahanap sa Tanawin Tungo sa Pagbubuo ng Lokal na Kasaysayan at Pambayang Identidad / *Gat Uban and Horacio dela Costa in Mauban: Landscape as Embodiment of Local History and Identity*

Nelson Turgo, Ph.D.

Cardiff University, United Kingdom
TurgoN@cardiff.ac.uk

Dalawang magkakaiba, pinaghiwalay ng daang taong harurok ng panahon, subalit magkakaugnay na personahe ng kasaysayan ng Mauban ang nais kong bigyang pansin sa pag-aaral na ito: si Gat Uban, ang kinikilala sa Mauban na pinagkuhaan ng pangalan ng bayan, at si Horacio dela Costa naman ay isang paring Heswita at bantog na historyador, nabibilang sa isa sa mga prominenteng pamilya sa Mauban at kinikilala bilang pinakamatalinong Maubanin sa kasaysayan. Sa mahaba-haba na ring kasaysayan ng Mauban, masasabing sila ang pinakatanyag na mga anak ng Mauban. Bunsod nito, marami ring mga daan, pagkilala at komersiyo ang ipinangalan sa kanila (halimbawa, may daan sa Mauban na Horacio dela Costa, at may monumento si Gat Uban sa may tabing dagat). Kumbaga, may hatak na sila sa pambayan at popular na imahinasyon ng mga Maubanin at bunsod nito, bahagi na sila ng *mythscape* ng Mauban. Bunsod ng kanilang popular at mahalagang puwesto sa kasaysayan ng Mauban, hanguan din sila ng retorika ng identidad na kalimitang ikinakabit sa kung ano ang ‘nararapat’ na tunguhin at dalahing pagpapahalaga ng mga Maubanin. Sa papel na ito, bibigyang pokus ang ganitong gawain at ang mga isyung nakapaloob sa pagbuo ng lokal na kasaysayan at paglikha ng pambayang identidad ng mga Maubanin.

Mga Susing Salita: bayan; identidad; kumbati; lokal na kasaysayan; Mauban

Two figures from Mauban will be the focus of this study. Though they belong to different historical periods, they share the same ‘narrative thread’, as it were, in terms of their contribution to Mauban local history and identity. The first one is Gat Uban, a mythological figure in Mauban history and from whom the name of the town was said to be derived and the second one is Horacio dela Costa, scion of one of the landed and prominent families in Mauban, a reknown Jesuit historian and academic and considered to be the most intelligent Maubanin who ever lived. Gat Uban has a monument by the promenade while

dela Costa has a street named after him, testaments to their salient contribution to Mauban local history and identity. Such 'memorialisation' signals their symbolic potency and discursive embeddedness in local popular imagination. They are part and parcel of the town's mythscape. As such, they have become the epitome of what Mauban and its people should represent and cultivate: courage, wisdom and excellence. However, Gat Uban and dela Costa as socio-cultural texts signify more than what the popular conceptualisation purports them to be and this will be discussed in the study.

Keywords: *discourse; identity; local history; Mauban; nation*

PANIMULA

Kalimitang sinasalungguhitan ang mahahalagang bahagi ng ating kasaysayan ng mga monumento ng pag-alala sa mga tao o pangyayari. Itinatanghal ng mga monumento at mga kagayang estruktura ang kinikilalang mga kakang-gatang kakanyahan ng bayan sapagkat sila ang kumakatawan sa mabubuting posibilidad ng pagkamamamayan. Sila ay testamento rin sa nagpapatuloy na halagahin ng nakalipas at ang kinakatawan nito sa kasalukuyan at hinaharap. Makikita ito halimbawa sa monumento ni Rizal sa Luneta, ni Bonifacio sa Caloocan, ni Lapulapu sa Cebu, ng Leyte Landing sa Palo, Leyte, ng Sandugo Shrine sa Tagbilaran, ng Dambana ng Kagitingan sa Bataan, ng Pinaglabanan Shrine sa San Juan, at marami pang iba. Ang mga monumentong ito ang siyang pokus ng mga pagdiriwang kung saan taun-taon may pag-aalay sa kanila ng bulaklak, talumpati ng mga politiko, at marami pang ibang paraan ng pagkilala bilang patuloy na pagbibigay-halaga at ugnayan nila sa kasalukuyan. Kumbaga, sa pamamagitan ng mga taunang pag-alala, tinitiyak ang patuloy at pagpapasidhi ng ugnayan at lalim ng mensahe ng mga monumentong ito sa kolektibong memorya ng isang partikular na pook o grupo ng mga tao. Katulad ng paliwanag nina Forest at Johnson,

“although monuments are powerful because they appear to be permanent markers of memory and history, they require both physical and symbolic maintenance, or what Nora (1996, 7) describes as “commemorative vigilance” (524).”

Masasabing ang mga monumento o anumang mga estruktura ng pag-alaala ay nagsisiwalat ng mga preokupasyon ng isang bayan lalo na sa mga naisin

nitong idambana ang mga usapin ng pagkakakilanlan o pagbubuo ng identidad. Ikinakawing halimbawa sa mga monumento ang mga inaasahang pagpapahalaga o kakanyahan ng isang bayan katulad ng talino, tapang o pagdamay sa kapuwa. Maaari ring paghanguan ito ng local pride, lalo na sa mga institusyunal na proyektong pambayan na nagbabandila ng pinakamabubuting aspekto ng kultura at kasaysayang bayan. Subalit dapat ding mabanggit na bagama't maaaring ganito ang tunguhin sa komemorasyon sa mga kilalang tao at pagkakatatag ng kanilang mga monumento, may siwang din ng iba pang posibilidad at realidad na maaaring makita. Kumbaga may mga siwang ng mga alternatibong pagbasa na maaaring ihimatong ang mga monumento na kakaiba sa mga opisyal o lantarang pagpapakita o signipikasyon.

Sa pag-aaral na ito, babasahin ko sina Gat Uban at Horacio dela Costa, dalawang pinakaprominenteng personahe sa kasaysayan ng Mauban at ang mga umiikot na naratibo sa kanila, bilang mga panglipunan at kultural na teksto. Sa ganitong lawas ng pang-unawa nais kong habiin ang ideya na ang naratibo ng Mauban bilang bayan, at marapat na dalahing kaakuhan ng mga Maubanan, ay kasalikop din ng imahen nina Gat Uban at Horacio dela Costa. Ibig sabihin lamang, kina Gat Uban at Horacio dela Costa maaaring hanguin ang isang tapyas ng hulagway ng naratibo ng Mauban bilang isang bayan lalo na yaong sinisimbolo ng imahen nila sa Mauban sa mga nakalipas na maraming taon. Sa ganitong pagpapalagay, ang pagbasa ng mga tekstong ito ay paglalantad din ng mga posibilidad ng realidad na kanilang nalilikha na hindi napag-uusapan at hindi nalalantad sa pampublikong kumbati. Alalaongbaga, sa pamamagitan nina Gat Uban at Horacio dela Costa, nais kong pansinin na bahagi sila sa pagbuo ng pambayang identidad, kahiman at kasalikop din naman nito ang dagdag pang signipikasyon na kanilang ipinabatid na lagpas sa retorikang alam ng lahat.

Kabahagi ng pag-unawa sa kanila bilang teksto ang mga pagtanggap at porma ng komemorasyon sa kanila, halimbawa ang pagsimbolo kay Gat Uban bilang tagapagtatag at tagapagtanggol ng Mauban, pagkatawan sa lakas at tapang at kay Horacio dela Costa naman bilang dunong at husay, sa mga okasyon at pagkakataong nagagamit sila sa mga pambayan at pampublikong pagtitipon. Bibigyang puwang ko rin ang tila kontradiktoryong papel nila sa kumbating pambayan sa Mauban. Halimbawa, bagama't masasabing sentral silang pigura sa kasaysayan ng Mauban, hindi naman programatiko at marubdob ang paghahabi sa kanila sa kasaysayan ng Mauban. Kaya naman, sentral man sila sa kasaysayan ng Mauban, marhinal na naman sila kung pagbabatayan ang mga gawaing nagtatampok sa kultura at kasaysayan ng Mauban katulad ng Maubanog Festival. Mula rito, palalawigin ko ang diskusyon upang ipakita ang maaaring posibleng naratibo na nakaangkla sa kanila—ang gamit sa kanila bilang simbolo ng kung ano ang Mauban at Maubanan sa konteksto ng nagbabagong mga kahingian ng kasalukuyan.

Mahihinuha na ang pag-aaral ay maaaring tingnan bilang isang porma ng bagong kasaysayan at may ugnayan din naman sa disiplina ng heograpiya at pag-aaral na pangkultura. Sabihin pa, multi-disiplinaryo ang lapit ng pag-aaral at humuhugot ng mga ideya buhat sa iba't ibang diskursong pang-akademiko. Hinahangad na ang pag-aaral ay makakapag-ambag sa lalo pang pagpapasidhi ng diyologo ng iba't ibang disiplina sa pag-aaral ng kultura at kasaysayan ng Pilipinas tungo sa mayabong at masinop na iskolarship ng Araling Pilipino. Sa mas ispesipikong layon, naisin ng pag-aaral na madagdagan ang mga nasulat na ukol sa kasaysayang bayan. Idagdag pa, sa lebel teoretikal, bibigyang puwang ang paglalapat ng mga konseptong landscape at mythscape bilang mga salalayang ideya sa pagbibigay-hugis sa kumbating bayan.

Sa susunod na bahagi, ipaliliwanag ko ang mga ideya ng landscape at mythscape at kung papaanong mahalaga sila sa pagbibigay-wawa sa mga lokal na kasaysayan. Pag-uusapan din ang nosyon ng kumbati bilang sahog sa pagbubuo ng naratibong bayan at identidad. Pagkatapos, isasalang na sa pag-ukilkil ng kanilang kairalan bilang mga tekstong panlipunan at kultural sina Gat Uban at Horacio dela Costa. Kasalikop nito ang pagbibigay- puwang sa posibleng naratibo ng kumbati sa Mauban na sinisimbolo nila. Sa

pagsusuma, ihihimatong na ang pag-unawa sa lokal na kasaysayan ay hindi nagsisimula at nagtatapos sa mga nasusulat bagkus ay maaari ring nakasalikop sa mga nakikita sa araw-araw at hindi/ginagawa ukol sa kanila.

Tanawin (Landscape) at mitong-tanawin (mythscape): Ang pagbubuo ng mga lokal na kumbatihang pangkasaysayan

Kalimitang nakikita ang tanawin bilang kaanyuan ng mga nagbago, nagbabago at hindi nagbabagong panginorin—ang mga gusali, lansangan, monumento, parke, ilog, dagat, kabundukan, parang, atbp—sa isang partikular na lugar. Nagbabago ang nakikita, ang tanawin dahil nagbabago ang tao at ang kanilang mga pangangailangan bagama't may hindi rin naman nagbabago o sadyang kakaunti ang pagbabago kaya parang hindi nagbago bunsod ng mga nilikhang polisiya na nagbabawal o nagpapabagal ng pagbabago. Kapuwa ang mga pagbabago at kawalan nito ay bilang pagtugon naman sa imperatibo ng tirahan, lugar ng trabaho, pasyalan o komemorasyon ng mga dakilang pangyayari.

Naglalantad naman ang tanawin ng mga ideolohiyang namamayani ng mga panahong yaon o dili kaya ay pangungusap ng mga nangungunang interés. Kumbaga, sa mga nakikita mababasa ang mga naisin ng ilang piling sektor sa lipunan.

These landscapes have been used, and abused, for purposes of power and control, for the conscious or unconscious constitution of belonging and identity, and for the production and formatting of citizens and their self-understanding as a people (Sorlin 103).

Maaari rin namang makita sa tanawin ang hugpungan at hiwalayan ng mga diskursong pampubliko at pampribado, ng indibidwal at kolektibo, ng mga magkakampi at mga magkatunggali. Dinamiko ang tanawin sapagkat hindi lagi itong iisa at dati; parating may bago, marami at kakaiba bagama't maaaring sa totoo'y hindi naman ito nagbabago.

Landscape is never inert, people engage with it, re-work it, appropriate and contest it. It is part of the way in which identities are created and disputed, whether as individual, group, or nation-state (Osborne 433).

Sa hilatsa at organisasyon ng mga kalsada, pasikot-sikot na hulma ng mga kalye, pagpoposiyon sa mga pasyalan at pampublikong monumento, pagpapangalan sa mga lagusan, gusali at lansangan at pagtitirik ng mga panggunitang estruktura mababadya ang mga posibilidad ng pagkilala sa maaaring kaakuhan ng lugar at mga taong naninirahan dito. Ayon nga sa paliwanag nina Sorlin at Osborne:

Landscape has provided the raw material for images and projections of territorial entities, be they empires, nations, regions or localities, and these landscapes have been culturally reproduced and mediated. The end product of these cultural processes are diverse, they are landscapes of honour and virtue, of bountiful resources and future wealth, of touristic marvel, and, most commonly, they are landscapes of distinction (103).

O kaya naman, ayon sa himatong ni Osborne:

Place and its landscape become part of one's identity and one's memory. Its features are often used as mnemonic devices...For all of us the landscape is replete, with markers of the past—graves and cemeteries, monuments, archaeological sites, place names, religious and holy centres—that helps us to remember and give meaning to our lives (433).

Sa pamamagitan ng tanawin, nabibigyang pagkakataon tayong damahin at danasin ang pagdaan ng panahon o dili kaya'y ang pagkabilango natin sa isang bahagi ng kasaysayan sapagkat

“landscape is the dominant depositary of symbolic space and time: the most generally accessible and widely shared aide-memoire of a culture's knowledge and understanding of its part and future” (Osborne 433).

Nabubuo at naglalaman ang tanawin ng mga alaala na maaaring personal o kolektibo. Nililikha naman natin ang mga alaala sa pamamagitan ng pakikipag-ulayaw sa mga araw-araw na danas, sa mga nakakasalamuha, sa pagbisita sa mga gusali at pook at sa paminsan-minsang biglaang pakikipagtagpo sa mga hindi inaasahang tao o pangyayari. Ayon nga sa paliwanag ni Mitchell

“[...] memory becomes embedded in the actual, physical landscape, through the daily habits and movements associated with specific buildings, walkways, monuments, and vistas” (455).

Sa mga alaalang ito nahuhulma ang mga persepsiyon at pagtanggap ng sinuman sa lipunang kaniyang kinabibilangan. Sa pamamagitan din ng mga alaalang ito, nabibigyang hugis niya ang salimbayang pagtatangi at pagtangi sa alinmang danas sa kasalukuyan.

Kaakibat ng organisasyon ng pamayanan at pagbibigay-hugis sa daloy ng kapangyarihan, kalakip na rin dito ang paglalagak ng dagdag pang mga paalala sa paghahabi ng kasaysayan sa porma ng mga paalalang plake, monumento, at iba pa. Sa mga pagbisita sa mga bayan sa Pilipinas, maaaring mapansin ang mga parke at plazang kinatatayuan ng mga rebulto ng pinakakilalang mamamayan ng bayan, o dili kaya'y ng isang bayani ng lokal na pag-aaklas (laban sa mga Kastila o kaya'y Amerikano) o ng isang pambansang bayani, katulad ni Rizal. Sa pagtatayo ng mga monumento, pinipili ang mga inaalala at kagaya ng obserbasyon nina Hay et al

“memorials and monuments are political constructions, recalling and representing histories selectively, drawing popular attention to specific events and people and obliterating or obscuring others” (204).

Hindi kung magkagayon maaaring ihiwalay ang mga pag-aala sa proseso ng mga politikal na tunggalian sapagkat kaakibat ng anumang itinatayong mga pedestal ng pag-alala ay ang pagtatampok sa isang ideya o ideyal na konstitusyon ng pagkatao o ng isang pamayanan. Kaya naman, dagdag pa nina Hay et al.,

“like other landscape elements, monuments and memorials are at once an outcome and a medium of power. Indeed, monuments are arguably the most prominent product of the hegemonic power of their producers to dominate space” (2004, 203).

Sa ating gunita, sinasala na ng mga monumento na ating nakikita sa araw-araw kung sino ang ating dadakilain at kung sino ang marapat na itanghal sa dambana ng ating pagsinta. Halimbawa, pamilyar

tayo sa dambana ni Rizal sa Luneta at Bonifacio sa Monumento. Sa mga araw-araw na pagdaan o pagbisita sa kanila, ipinapaalala sa atin na pinili sila na malagay sa gayong lugar bunsod ng kanilang kontribusyon sa pambansang kasaysayan. Nagmahal sila at namatay para sa bayan. At katulad nga ng paliwanag nina Forest at Johnson,

“by erecting memorials in public space, states and interest groups attempt to define the historical figures that become national heroes and establish the historical incidents that become the formative events of nation’s identity” (2002, 526).

Ang mga monumento o pedestal ng pag-alaala kung magkagayon ay nagsisiwalat ng sanlibo at isang pakahulugan at dahil dito’y maaaring basahin bilang mga tekstong nagbubunyag ng mga isyung panlipunan. Kaipala, sila’y nagkakaloob ng siwang upang mabigyang liwanag ang mga tagong isyung panlipunan o yaong hindi napapansin sa kalakhan. Subalit hindi natin nakikita sa ganitong oryentasyon ang tanawin at ang koleksiyon ng mga monumento o anumang gusaling nababanaag ng paningin. Dahil sa laging nakikita at dinaranas ang mga ito, naglalaho na ang historisidad, tekstuwalidad at pluralidad ng mga tanawin. Nawawaglit na ang saping-kahulugan, intensiyon at interes na maaaring mabasa sa kanila. Simplipikado na ang realidad sapagkat may esensiya na o iisang pakahulugan na iaakma sa mga nakikita sapagkat sa proseso ng pagdaan ng panahon, ang mga tanawin ay nagkakamit na ng kaangkinan bilang mga mitong-tanawin. Ang mito, sa paliwanag ni Bell, “serves to flatten the complexity, the nuance, the performative contradictions of human history; it presents instead a simplistic and often uni-vocal story” (2003, 75). Subalit ang mitong-tanawin ay radikal sapagkat “mythscape can be conceived of as the discursive realm, constituted by and through temporal and spatial dimensions, in which the myths [...] are forged, transmitted, reconstructed and negotiated constantly” (75).

Kaya naman, sa pagsipat sa mga pamayanan na pinaglilagakan ng mga estruktura bilang mitong-tanawin, masasabing hindi neutral ang lunan. Sinasambit ng mga monumento o pedestal ng pagkilala ang mga naratibong nagsisiwalat naman sa mga hindi

lantad na mga iringan at talabtaban ng paniniwala ng isang pamayanan o mga kakanyahan at identidad na nararapat mabanyuhay. Sa isang banda, itinatampok din nila ang mga siphayo ng alaala, ang mga pagtatangkang maibalik ang nagdaan sa kasalukuyan at bigyang buhay ang mga pangyayaring nagbigay-hugis sa kasalukuyan. Kumbaga, ang mythscape ay kumbatihang pambayan na ang iba’t ibang tinig ay maaaring marinig, iyon ay kung may kakayahan tayong pakinggan ang salimbayan ng mga tinig.

Sa mga pag-aaral, ganito ang iwinawangis na mensahe sa atin ng mga monumento: hindi lamang sila mga bato o anumang, sila ay mga naratibo; sila ay bahagi ng mitong-tanawin. Halimbawa, bilang pag-alaala sa kasaysayan ng Scotland, itinayo ang Bannockburn at Wallace Monument sa Stirling. Sinasariwa ng mga monumentong ito ang kasaysayan ng Scotland at ang patuloy na paghahanap ng kalayaan na kinakatawan ng pakikipagtunggali nina Robert the Bruce at William Wallace. Sa mga estrukturang ito, patuloy ang mga tunggalian ukol sa naratibong magkukupkop sa imahen ng dalawa. Sila ba ay ahente ng nagkakaisang kaharian ng Britanya o nagbabandila ng kalayaan para sa Scotland (Edensor)?

Bilang paraan naman ng paglikha sa identidad, ipinaliwanag nina Gordon at Osborne ang mga pagbubuong tumagal ng isang daang taon na naglundo sa Confederation Square ng Ottawa. Sa lugar na ito matatagpuan ang dalawang pinakamakapangyarihang simbolo ng pambansang pagpupunyagi at sakripisyo: ang National War Memorial at ang Tomb of the Unknown Soldier. Ipinakita ng mga may-akda ang maraming taon ng pagpapalano at tunggalian ng iba’t ibang interes upang malikha ang bahaging ito ng Ottawa bilang ‘memory places’ at ‘theatres of identity.’ Dito, pinanday ang pambansang identidad ng Canada bilang luklukan ng giting at tapang.

Samantala, ang paggamit ng arkitektura upang buuin ang nakalipas na may intensiyong idomina ang kasalukuyan at hinaharap ay makikita sa mga proyektong estruktura ng mga nagdaang rehimen sa China, Iraq, Zimbabwe, at Russia (Vale). Ganito rin ang paliwanag halimbawa ng pag-aaral na ginawa ni Licos sa mga gusaling ipinatayo ni Marcos (tingnan din si Shatkin). Sa pag-aaral din, halimbawa, ni Weeks, ukol kay Count M. N. Muraviev, habang kinasusuklaman s’ya sa Poland at Lithuania, “in the late Imperial Russia, the image of Muraviev the man and Muraviev

as symbol of Russian steadfastness and strength was celebrated in conservative and nationalistic Russian circles” (551). Bunsod nito, magkakaiba ang pagtanggap sa pagtatayo ng rebulto ni Muraviev sa iba-ibang bansa na dating kasapi ng USSR, may nagkakaibang pagsisiwalat ng kuro ukol sa kaniya.

Sa ganitong unawa ng tanawin bilang mitong-tanawin natin makakatas ang mga kumbating panlunan na nagaganap sa mga pamayanan ng bansa katulad ng Mauban. Kay rami kung ganoon ang maaaring isinisiwalat ng mga personaheng pangkasaysayan sa mga pook o bayan sa Pilipinas na naglulundo sa iba’t ibang kumbatihan. Sa kumbatihan, samot- saring tinig ang maaaring marinig na kaipala’y maaaring napipi sa hagkis ng mitong ikinakapit sa mga personaheng pinag-uusapan. Ang misyon magkagayon upang marinig ang mga kumbatihang ito ay ukilkilin ang maaaring pagpapahulugan ng mga personaheng itong ginawan ng pedestal o monumento at kaipala’y ilantad ang tekstuwalidad nila sa pagbubuo ng lokal na kasaysayan.

Sa pagtatapos, nais ko ring bigyang linaw ang pakahulugan sa kumbati. Sa gamit ng kumbati, na bukambibig naman sa Mauban kung ang tukoy ay usapan o malayang palitan ng kuro, nais kong ihimatong ang mas diskursibong pakahulugan ng talabtaban ng ideya o opinyon na naglulundo sa paglikha ng mga kongkretong manipestasyon ng realidad. Kumbaga, hindi nagtatapos ang kumbati sa palitan ng ideya, o salita, bagkus ay nagdudulot ng pagbubuo ng mga paniniwalang may kongretong paggitaw sa pang araw-araw na buhay. Halimbawa, ang kumbatihang ukol sa kabayanihan ni Gat Uban o kahusayang akademiko ni Horacio dela Costa ay maaaring, bunsod ng patuloy na artikulasyon nila sa mga pribado at publikong talastasan, humulagpos sa pagbuo ng mga programa o gawaing tumutukoy sa pagtatampok nga ng nabanggit na kakanyahan. Kawing naman dito ang samotsaring interes na siya namang nagpapadaloy sa kongkretisasyon ng kumbati patungo sa danas nito sa realidad.

Sino sina Gat Uban at Horacio dela Costa? Ang tekstuwalidad ng buhay nila sa Mauban

Sa bahaging ito, mahalagang pag-ukulan muna ng pagpapakilala at maihabi sa kasaysayan ng Mauban ang dalawang personaheng ihaharaya ng naratibo. Sa paraang ganito, magiging makinis ang daang tatahakin

tungo sa paglalantad sa maaaring halagahin nila sa kumbatihang pambayan sa Mauban, at sa kalakhan sa nais nilang ipahiwatig na pambayang identidad. Kumbaga, sa masinsing pag-aanalisa ng mga teksto at paglalapat sa kanila sa darang ng pagkilala bilang ekspresyon ng minumutawing nakaraan ng Mauban, ihahayag din ang mga impormasyong kaakibat sa kanilang pagkakatayo at paglago bilang bahagi ng mitong-tanawin ng Mauban.

Gat Uban (Gat Pangil na Bata)

Kinikilala si Gat Uban bilang ‘tagapagtatag’ ng Mauban. Sa mga aklat na pangkasaysayan nina Bonifacio Villanueva at Genoveva Calleja Ingles, sinasabing sa kaniya ipinangalan ang Mauban. Ang paniniwalang ito naman ukol kay Gat Uban ay galing sa matandang minuta ni Doroteo Yngles, kilalang matandang mahilig sa kasaysayan at naglingkod na opisyal ng Mauban sa mga huling taon ng pananakop ng mga Kastila. Ang kaniyang tala ay naglalaman ng listahan ng mga naglingkod na kapitan (o punongbayan ngayon) sa Mauban simula 1677 hanggang sa panahon ng mga Amerikano at ang kuwento ukol kay Gat Uban ay buhat sa kaniyang panayam sa matatandang Maubanin ng kaniyang panahon.

Masasabing nagsimulang mabigyang hugis ang Mauban (hindi pa Mauban ang tawag noon) noong 1583 nang itayo ng mga paring Franciscano ang isang pamayanan sa Pinagbayanan (sa may bahagi ng Luyaluya ngayon, isang barangay sa Mauban). Sa pagdaan ng panahon, lumaki ang populasyon ng Pinabayanan at nalipat sa kasalukuyang kinalalagyan nito at noong 1678 ay pinangalanang Mauban bilang pagdakila kay Gat Uban.

Sinasabing sa mga unang taon ng ika-17 dantaon, may limang pamayanan sa Mauban: Kagsiay, Daongang Dumagat, Luya-luya, Pinagbayanan, at Tubug. Ang bawat pamayanan ay may kinikilalang puno at sa Daongang Dumagat na pinaninirahan ng mga Dumagat, si Gat Uban ang kanilang puno. Sa ibang pamayanan naman ay mga Tagalog. Si Gat Uban ay sinasabing isa sa mga anak ni Gat Pangil na Matanda na mula sa Kavinti (Laguna) at piniling manirahan sa Mauban (magkalapit lamang ang Mauban at Kavinti). Gat Uban ang tawag sa kaniya ng mga Tagalog bunsod ng kaniyang puting buhok kahit sa edad na 20. Ang sadyang pangalan niya ay Gat Pangil na Bata. Sa mga

panahong yaon, lagi't laging nilulusob ng mga Moro ang mga pamayanang malapit sa dagat at kinukuha ang mga tao doon upang gawing alipin. Subalit hindi ito magawa ng mga Moro sa Daongang Dumagat bunsod ng pagtatanggol na ginawa ni Gat Uban at ng kaniyang mga kasama. Kaya naman nakilala si Gat Uban sa kaniyang tapang at kagitingan. Hindi naglaon, ang mga naninirahan sa ibang pamayanan ay lumipat na rin sa Daongang Dumagat upang makaligtas sa paglusob ng mga Moro. Bunsod naman ng pagtatanggol sa kanila ni Gat Uban, napagkasunduan ng mga lumipat na mamamayan na tawaging Mauban ang dating Daongang Dumagat. Isang gabi, nagkaroon ng pagtitipon upang ipagdiwang ang kanilang paglipat; nagkaroon ng inuman at sayawan. Kinabukasan, nagulat ang lahat nang hindi na nila matagpuan sa Mauban si Gat Uban. Umalis na ito na kasama ang iba pang Dumagat at lumipat sa ibang lugar. Sinasabing hindi niya nagustuhan ang ingay na dulot ng pagtitipon at nais niyang mamuhay na ang kasama lamang ay ang mga kagaya niyang Dumagat. Sa kasalukuyan, matatagpuan ang mga Dumagat sa Cagsiay 3, dulong barangay ng Mauban, kalapit ng bayan ng Real.

Simula nang tawaging Mauban ang bayan, nawaglit na sa gunitang pambayan si Gat Uban at noon lamang 1984 nagkaroon ng isang pambayang komemorasyon ng kaniyang alaala sa pamamagitan ng isang monumento na itinayo sa tabing dagat, sa lugar na tinatawag ngayong malaking sibul, sa pagitan ng Barangay Sadsaran at Daungan. Proyekto ito ng samahan ng mga retiradong lingkod-bayan ng Mauban. Sa kasalukuyan, hindi na aktibo ang samahan dahil ang karamihan ng miyembro nito ay namayapa na at hindi na rin naman nakapagdagdag ng bagong mga kasali sa samahan. Nakatayo sa isang pedestal si Gat Uban at may taas na 14 na talampakan bagama't ang rebulto ay nasa apat na talampakan lamang. Nakaharap siya sa dagat at ang mukha ay may ekspresyon ng tapang at determinasyon. May kilik siyang kalasag sa kaliwang braso at sa kanan naman ay espada. Mula sa pedestal, mukha siyang aatake sa isang laban at nakahandang sumagupa sa paparating na mga kaaway.

Mula nang matayo ito, naging isang public landmark sa Mauban ang kaniyang monumento at kalimitang pook-tagpuan ng mga Maubanin tuwing dapithapon. Noong 2007-2010, sa panunungkulan ni Punong Bayan Rexito Bantayan, nagkaroon ng malawakang pagsasaayos ng seawall (sibul) at binigyan ng bagong

bihis ang rebulto ni Gat Uban. Pinaganda ang paligid ng monumento at nilagyan ng mga upuan at ilaw. Sa transpormasyong ito, nagmistulang isang maliit na parke ang lugar na kinalalagyan ng monumento at bunsod nito, lalong naging popular ang lugar bilang pasyalan ng mga Maubanin, lalo na sa hapon at gabi. Kalimitan din, dumadagsa rito ang mga turistang namamasyal sa Mauban upang magpakuha ng litrato. Kumbaga, bukod sa Kalbaryo (burol sa gitna ng bayan na nakalagay ang monumento ni Rizal) na kalimitang buwang-bibig ng mga Maubanin bilang lugar na maaaring pasyalan ng mga bumibisita sa Mauban, naging kalangkap na destinasyon na rin ang monumento ni Gat Uban.

Sa popular na imahinasyon, marami na ring gamit si Gat Uban. Halimbawa, noong 1980s, nagkaroon ng isang samahan ng mga kabataang Maubanin na tinawag na Puting Buhok. Naging popular din siyang simbolo na inilalagay sa mga damit at refrigerator magnet na ibinebenta sa mga turistang napapasyal sa isla ng Cagbalete. Noong 2014, lumikha ng isang video ukol sa Mauban na ipinakita ang kaniyang pakikipaglaban sa mga Moro at ang pagkakatatag ng Mauban bunsod ng kaniyang kabayanihan. Noong 2017 nagbukas ang isang restoran na malapit sa monumento at tinawag namang Cocina de Gat Uban. Kumbaga, katulad ng nangyayari sa iba pang kilalang personahe ng kasaysayan, nagkaroon na ng kultural na apropiyasyon sa kaniya at naging bahagi na siya ng mitong-tanawin ng Mauban.

Horacio dela Costa

Kinikilala naman si Horacio dela Costa bilang pinakamatalinong Maubanin sa kaniyang panahon o maaaring mula ng malikha ang Mauban bilang isang bayan. Ipinanganak siya sa Mauban noong May 9, 1916 at pumanaw naman noong Marso 20, 1976. Ang kaniyang mga magulang ay sina Hukom Sixto dela Costa at Emiliana Villamayor. Kilala ang kaniyang pamilya bilang isa sa mga may kayang pamilya sa Mauban bunsod ng kanilang mga pag-aaring lupa. Ang tahanan kung saan siya ipinanganak ay isang bahay na bato na nasa likod ng Kalbaryo at kinikilala bilang isang matandang bahay sa Mauban. Sa Mauban, tinatawag itong 'White House,' bunsod ng kulay puting pintura nito sa buong kabahayan. Nasa pangangalaga ito ngayon ng isang malayong kamag-anak. Inayos ang

gusali at ginawang isang tindahan ang ibabang bahagi at tirahan naman ang itaas.

Hindi lumaki si dela Costa sa Mauban bunsod ng uri ng trabaho ng kaniyang ama. Nag-aral siya ng elementarya sa Batangas at pagkatapos ay nagtapos naman ng kolehiyo sa Ateneo de Manila nang may pinakamataas na karangalan, summa cum laude (tatlo silang summa sa AB'35). Sinasabing mas mataas ang nakuha niyang mga grado kay Jose Rizal na siya namang pinagmulan ng 'claim to fame' niya sa Mauban. Bagama't problematiko ang ganitong paghahalintulad, parati itong binabanggit sa mga pagtitipon sa Maubang may pagbanggit sa kaniyang kahusayang pang-akademiko. Sa Ateneo, nakilala siya hindi lamang sa kaniyang husay sa usaping akademiko bagkus ay sa student leadership din at pagiging manunulat sa publikasyong *Guidon*. Noong 1935, pumasok siya bilang isang nobisyado sa Society of Jesus sa Sacred Heart Noviate sa Novaliches kung saan din tinapos niya ang kaniyang master's degree.

Noong panahon ng pananakop ng mga Hapones sa Maynila, ikinulong siya sa Fort Santiago sa loob ng dalawang buwan bunsod ng kaniyang aktibong partisipasyon sa *resistance movement*. Pagkatapos ng digmaan, noong 1946, tumulak siya patungong Estados Unidos upang mag-aral ng Teolohiya sa Woodstock College sa Maryland kung saan din naordinahan siya bilang pari. Nagtapos naman siya ng doktorado sa kasaysayan sa Harvard noong 1951.

Sa kaniyang pagbabalik sa Pilipinas, nagturo siya ng kasaysayan sa Ateneo na naglingkod din bilang kauna-unahang Filipinong dekanong kaniyang kolehiyo. Sa mga taon ng kaniyang pananatili sa Ateneo, naglingkod siya bilang consultant ng Philippine Province ng Society of Jesus at editor ng journal na *Philippine Studies*. Nakatanggap din siya ng Smith-Mundt-Fulbright scholarship at naging research associate sa London School of Oriental and African Studies. Noong 1964, bilang pagkilala sa kaniyang ningning bilang isang akademiko at paring Heswita, naluklok siya bilang provincial superior ng Society of Jesuits, ang kauna-unahang Filipino sa kasaysayan ng samahan.

Sa larangan ng akademya, kilala si dela Costa para sa kaniyang mga akda partikular na ang kaniyang *The Jesuits in the Philippines* na kinikilala bilang depinitibong kasaysayan ng mga Heswita sa Pilipinas. Ilan pa sa kaniyang mga nasulat ay ang

mga sumusunod: *Light Calvary, The Trial of Dr Rizal, Recent Oriental History, Readings in Philippine History, The Background of Nationalism, and Other Essays*, at *Asia and the Philippines*.

Bilang parangal sa kaniyang kontribusyon sa akademya, ipinangalan ang isang gusali sa Ateneo sa kaniya, ang isang daan sa Makati ay nasa kanya ring pangalan. May isa ring subdibisyon sa Novaliches na ipinangalan sa kaniya at isang retreat center sa Cavite. Sa Mauban, ang dating Panganiban Street, isang mahabang lansangan malapit sa dagat, ay ipinangalan sa kaniya bukod sa pagtatayo ng isang commemorative plaque sa kanto ng Plaridel at San Buenaventura Street malapit sa Munisipyo sa sentenaryo ng kaniyang kapanganakan. Kaalinsabay, noong 2016, nagkaroon ng serye ng panayam sa Ateneo bilang pagdakila sa kaniyang alala at noong 2017 inilunsad ng Ateneo de Manila University Press ang isang aklat, ang *Reading Horacio dela Costa, SJ: Views from the 21st Century*, koleksiyon ng mga panayam na ginawa noong 2016.

Ang hiwatig nina Gat Uban at Horacio dela Costa sa Mauban: Tungo sa pagbubuo ng pambayang identidad

Kalimitang ang pag-aaral ng mga personahe, mga monumento o anumang estruktura ay nasa lebel na pambansa na bahagi naman ng pag-unawa sa pagbubuo ng pambansang identidad o pagpapakita ng mga pormasyong ideolohikal na kaakibat nila. Hindi naman ito nakapagtataka dahil mas may programatikong balangkas ang mga pag-aaral na tumutukoy sa pormasyong mas masaklaw kumpara sa antas na lokal o pangkomunidad. Subalit ang pagbubuo ng anumang pag-unawa sa antas na pambansa ay nakasalalay rin sa pagbubuo ng anumang maaaring mabalangkas sa mas limitadong heograpikal na sakop ng bayan o komunidad. At katulad ng mga pag-aaral sa sinisiphayo ng mga monumento o personahe sa kasaysayan sa pagbubuo ng mitong-tanawing pambansa, maaari ring pagmulan ng kumbati ang mga lokal na estruktura at personahe na nagbibigay-hugis naman sa mas ispesipikong pambayang identidad.

Sa Mauban, mahirap isiwalat kung ano ang naratibo ng pagkabuo ng pambayang kasaysayan at identidad sapagkat mismong ang lokal na pamahalaan ay wala namang malinaw na programa ukol sa ganitong aspekto. Bilang Filipino, suguro mas malinaw sa mga

Maubanin kung ano sila at ano ang mga kultural at sosyal na pagtatangi na mayroon sila bilang kasapihan sa mas malawak na heograpikal na organisasyon. Kaya naman, siguro mas madaling imapa at iteorisa ang pag-ukilkil sa mitong-tanawin at sinisiphayo nito sa isang bansa kaysa isang maliit na pamayanan, kagaya ng Mauban. Subalit hindi ibig sabihin nito ay imposible ang paghahanap ng mga guwang at siwang na maglilinaw sa mga pangyayari o isyung pambayan. Maaari rin talagang bakasin kung ano ang mayroon sa mitong-tanawin ng isang bayan sa pamamagitan ng pagsipat sa mga personahe at monumento nila katulad halimbawa ng kaso nina Gat Uban at Horacio dela Costa.

Sa paglalagak sa pedestal at memoryalisasyon sa Mauban ng mga personahe nina Gat Uban at Horacio dela Costa (tandaang tanging sila lamang na Maubanin ang may monumento at paalalang plake sa Mauban), may malinaw na mensahe sila sa mga Maubanin: kinakatawan nila ang kakang-gata ng pagiging Maubanin, at kung ano ang dapat angkinin ng mga Maubanin upang sila rin ay magbigay-dangal sa kanilang bayan. Kailangang gawing simple ang mensaheng kinakatawan nila at itanghal ang esensiya ng kanilang kontribusyon sa lokal na kasaysayan ng Mauban. Sa kaso ni Gat Uban ito ay tapang at dangal sa harap ng panganib at kay Horacio dela Costa naman ay dunong at husay. Kumbaga, sa masalimuot na naratibo ng mga buhay nina Gat Uban at Horacio dela Costa, ang kontribusyon nila sa mitong-tanawin ng Mauban ay ang personipikasyon ng mga karakteristikong magkakaloob ng kinang sa kasaysayan ng Mauban. Para sa mga mamamayan ng Mauban, lalo na sa mga kabataan, upang makibahagi sila sa makinang na kasaysayan ng Mauban kailangan nilang isabuhay ang mga kinakatawang pagpapahalaga ng dalawang personaheng ito. Kaya naman sa mitong-tanawin ng Mauban, kinakatawan nina Gat Uban at Horacio dela Costa ang tapang, dangal, dunong, at husay. Maaaring may iba pang katangiang ikinakabit sa dalawa subalit ang mga nabanggit ang siyang kalimitang ikinakawing sa kanilang mga pagkatao.

At ganito rin naman talaga ang mensaheng dala-dala nila batay na rin sa mga opisyal na pahayag ng mga lokal na komemorasyon sa kanila at sa kalimitang pag-alaala ng mga opisyal ng bayan sa mga pambayang okasyong kailangang sambitin ang kanilang kontribusyon sa Mauban. Sa mga paaralan

sa Mauban, halimbawa, kapag pinag-uusapan sina Gat Uban at Horacio dela Costa, sadyang pinalulutang ang tapang ng una sa harap ng panganib at pag-aalay ng buhay para sa kaligtasan ng nakararami at dunong at husay naman para sa ikalawa. Dagdag pa, sa paglikha ng Gawad Dangal ni Gat Uban upang kilalanin ang pinakamahuhusay na Maubanin sa kanilang larangan bilang bahagi ng Maubanog Festival, tuon ng mensahe ni Punong Bayan Fernando Llamas ang pagtatanggol ni Gat Uban sa mga Maubanin laban sa mga Moro at dahil dito sa kaniyang tapang at pagbibigay-dangal sa integridad ng bayan. Ganito rin naman ang kumbati ng pagpapakilala kay Horacio dela Costa. Noong 2016, bilang komemorasyon ng ika-100 taon ng kaniyang kamatayan, nagkaroon ng isang pambayang paggunita sa kaniya na dinaluhan ng malalapit na kamag-anak, opisyal ng pamahalaang bayan at National Historical Commission (NHC). Sa mga talumpati, ang gitna ng puri ay ang kakaibang talino ni Horacio dela Costa at ang kaniyang kontribusyon sa larangan ng historyograpiya. Subalit sa pangkalahatan, ang himig ay ang pagkukulong sa kaniya sa signipikasyon ng kahusayang akademiko, sa husay sa pag-aaral na nagdala sa kaniya sa tagumpay. Hindi naman ito kakatwa dahil mula't sapul, ang naratibo ng buhay ni Horacio dela Costa para sa mga Maubanin ay tumuturo lamang sa dunong at husay. Kaya naman, katulad ni Gat Uban, binigyang esensiya ang komplikado at mahabaha ring buhay ni Horacio dela Costa sa pamamagitan ng kaniyang kahusayang pang-akademiko.

Subalit kung sina Gat Uban at Horacio dela Costa ang kumakatawan sa mga kakang-gatang katangian ng mga Maubanin, at may maningning na bahagi sa pagbuo ng pambayang identidad, at magkagayo'y bahagi sila ng kabuuan ng mitong-tanawin ng Mauban, mabuti ring banggitin ang iba pang posibleng naratibong nakapalibot sa kanila. Kumbaga, sa sentral na puwesto nila sa mitong-tanawin ng Mauban, may mga obserbasyong dapat ding pag-ukulan ng pansin bilang bahagi ng pagbasa sa kanila bilang mga tekstong kultural at pangkasaysayan bukod sa mga kumbating litaw sa kanila. Mayroon silang ipinahihiwatig na iba pa, hiwalay sa pagkakakilala sa kanila, na may kaugnayan naman sa patuloy na pagbubuo ng Mauban bilang kinukumbating bayan. Kumbaga, sina Gat Uban at Horacio dela Costa ay mga pahiwatig ng iba pang pangyayari sa Mauban lagpas sa kanilang kinikilalang pagpapakahulugan.

Magsimula tayo kay Gat Uban.

Kakatwa ang lagay ni Gat Uban sa kasaysayan ng Mauban sapagkat bagama't katulad ng nasabi na, kinikilala siya bilang pinagmulan ng pangalan ng bayan, wala namang pormal na paggunita sa kaniya sa kalendaryong pambayan. Kahit sa araw ng pagkakatatag ng Mauban na ipinagdiriwang tuwing ika-15 ng Hulyo, wala ring pambayang gawain katulad ng paglalagak ng bulaklak sa kaniyang monumento sa sibul bagama't may katulad na seremonya sa monumento ni Rizal sa Kalbaryo tuwing ika-30 ng Disyembre at ng kay Manuel Luis Quezon tuwing ika-19 ng Agosto. Kahit ang pagkakatatayo ng kaniyang monumento sa tabing dagat ay hindi isang opisyal na inisyatibo ng lokal na pamahalaan bagkus ng isang pribadong samahan. Bagama't ang paglilinis sa paligid nito ay pinangangasiwaan ng lokal na pamahalaan, sa pagitan ng 1984 (nang ito ay matayo) at 2007, bunsod ng pagkakabantad nito sa ulan at araw, nawala na ang pintura nito at kinalawang na rin ang hawak niyang tabak. Hindi rin nakaligtas sa bandalismo ang kaniyang pedestal. Kumbaga, walang pagkalingang ipinagkaloob sa kaniya na nararapat para sa isang kinikilalang 'tagapagtatag ng bayan.' Nitong 2007 lamang nabigyan ng panibagong bihis si Gat Uban nang isaayos ang kaniyang puwesto at gawing isang munting parke. Subalit ang pagsasaayos ng kaniyang monumento ay hindi rin naman sa dahilang kailangang bigyang dangal ang kaniyang alaala (maaaring bahagi ito) bagkus ay dahil sa mas masaklaw na proyektong panturismo ng lokal na pamahalaan. Nang ilunsad ang Maubanog Festival noong 2003 hanggang sa kasalukuyan (2017), bagama't sentral na interés ng festival na itanghal ang kultura at kasaysayan ng Mauban, hindi sentral na pigura ng pagdiriwang si Gat Uban. Ang pangunahing *motiff* ng selebrasyon ay buli-isang produktong agrikultural na ginagamit sa paglalala ng sombrero. Kahit ang Gawad Dangal ni Gat Uban na kasamang inilunsad noong 2003 ay itinigil na rin makalipas ang ilang taon. Kumbaga, sa isang linggong selebrasyon ng kasaysayan at kultura ng Mauban, nawawala si Gat Uban.

Kaya naman, bagama't masasabing sentral siyang bahagi ng kasaysayan ng Mauban at kumakatawan sa isang bahagi ng mitong-tanawin ng Mauban, hindi naman organisado at sistematiko ang pagdakila sa kaniya. Kaipala, sentral na marhinal ang puwesto ni

Gat Uban sa mitong-tanawin ng Mauban. Pansin siya (dahil may sariling monumento sa may sibul) subalit nasa laylayan din naman sapagkat walang elaborasyon ng selebrasyon ng kaniyang kabayanihan. Hiwalay ito sa maraming praktis sa iba-ibang bayan na ganap na binibigyang pansin at kultural na pagkakakilanlan ang kinikilalang tagapagtatag ng bayan. Kaya naman, aking panukala na bukod sa sinasabing tapang at dangal, ipinahihiwatig din ni Gat Uban ang hindi sistematiko at organisadong makinaryang pambayan ukol sa pagtatampok ng kultura at kasaysayan ng Mauban bilang integral na bahagi ng pambayang identidad. Kumbaga, si Gat Uban ang tagapagbadya ng kadahupan at kakulangan ng bayan at ng mga Maubanan mismo sa kalakhan sa pagbibigay-halaga sa nakaraan. Halimbawa, bagama't may pambayang museo, wala itong sariling gusali at nasa isang maliit na silid lamang ng municipal gymnasium. Wala ring sariling curator ang museo o kaya naman ay sistematikong programa na magtatanghal sa koleksiyon nito. Ang museo rin ay nasa pangangasiwa ng Tanggapan ng Pambayang Turismo na bunsod ng limitadong tauhan nito at kakayahang teknikal ay nakapokus lamang talaga sa promosyon ng Mauban bilang destinasyon ng mga turistang lokal at banyaga, partikular na sa isla ng Cagbalete. Sa pagsisimula ng Maubanog Festival noong 2003, nagkaroon ng samahang sibiko, ang Mauban Historico-Cultural and the Arts Council (MHCAC) upang tumulong sa pamahalaang bayan sa paglilalang ng usaping pangkasaysayan at kultura sa Mauban. Subalit makalipas ang ilang taon, hindi na aktibo ang mga miyembro ng samahan at hindi na rin nito nagagampanan ang layunin nito. Kamakailan, nagbuo ng bagong pribadong samahan sa Mauban, ang Mauban Heritage Advocates, na kinabibilangan ng mga Maubaning propesyonal at balikbayan. Layunin ng samahan na maging bahagi ng malawakang pagbibigay-halaga sa kultura at kasaysayan ng Mauban. Bago pa ang samahang ito at nahaharap pa rin talaga sa maraming hamon katulad din ng mga katatag lamang na organisasyon. Kaya naman, hindi katulad ng ibang mga bayan na may matibay na pambayang estruktura at malusog na sibikong partisipasyon ang mga mamamayan sa usaping pangkultura, tila nagsisimula pa rin lamang ang Mauban sa aspektong ito at ang ganitong kalagayan ay maaaring makita sa kumbati ng monumento ni Gat Uban—ang kaniyang marhinal at sentral na kalagayan sa kasaysayan ng Mauban.

Kaakibat at direktang manipestasyon ng kawalan ng organisadong makinaryang pambayan ukol sa usaping pangkultura at kasaysayan ay ang isa pang 'absence' sa Mauban: ang kumbating may pagbibigay-dangal sa mga Maubaning naging bahagi ng mga rebolusyon sa bansa at yaong aktibong lumaban sa diktaduryang Marcos.

Sa maraming bayan sa Pilipinas, lagi't laging may puwang para sa pag-aalaala sa mga personaheng nabanggit. Bagama't ang mga pambansang komemorasyon ay ginagawa katulad ng kamatayan ni Rizal tuwing Disyembre, wala namang lokal na katuwang ito. Sa kalakhan, ipinakikita rin nito ang kawalang kabatiran ng marami sa kasaysayan ng Mauban lalo na sa mga panahon ng himagsikan laban sa mga Espanyol at Hapones. Bagama't ipinakikita ng mga nasulat na kasaysayan nina Bonifacio Villanueva at Genoveva Calleja Ingles ang partisipasyon ng mga Maubanin sa maraming pag-aaklas sa bansa, at pagtatanggol sa kapayapaan ng Mauban, walang pagkilalang nagaganap sa kanila. Pinatitingkad ito ng kawalang pag-alaalang okasyon o anumang monumentong pambayan sa Mauban na magtatampok at magpapaalaala sa ginampanan ng mga Maubanin noong mga panahong yaon. Wala ring pag-alaala sa mga Maubaning naging bahagi ng paglaban sa mga Hapones. Sa di-kalayuag nakaraan, wala ring pag-alaala sa isang Maubaning mag-aaral noong panahon ng batas militar ni Marcos na dinukot ng mga militar bunsod ng kaniyang aktibong partisipasyon sa mga pagkilos laban sa diktadurya. Kaya naman, kung ang maraming bayan sa Pilipinas ay masasabing minamarkahan ng mga rebulto at seremonya ng pagkilala sa mga mamamayang nagbuwis ng kanilang buhay ang tanawin ng kanilang bayan, walang ganito sa Mauban. Ang rebulto ni Gat Uban, at ang kaniyang marhinalisasyon sa mga okasyong pambayan, ang masasabing *figural trope* ng kanilang eksklusyon sa pagbubuo ng naratibo ng kasaysayang pambayan. Kaya naman, sa identidad ng Mauban, si Gat Uban ang simbolo ng kawalang ugnayan ng bayan sa rebolusyonaryo nitong nakaraan, sa giting at tapang na laging sambit ng mga opisyal ng bayan sa mga espesyal na okasyon.

Bukod dito, may dagdag pang pahimatong ang sentral-marhinal na kumbati ni Gat Uban sa mitong-tanawin ng Mauban. Gusto kong bigyang pansin ang pagiging Dumagat ni Gat Uban at ang

kontemporaryong pangtanggap sa kanilang etnisidad kasama na ang Mauban.

Isang Dumagat si Gat Uban at marahil, bunsod ng kaniyang pagiging Dumagat at kakarampot na tala ukol sa kaniyang buhay, wala nang masyadong interés sa kaniya. At kagaya ng mga Aeta at iba pang minorityang grupo sa bansa, ang mga Dumagat hanggang sa ngayon ay dumaranas ng diskriminasyon sa halos lahat ng larangan ng buhay. Kalimitan, biktima sila ng karahasan at panlilinlang ng mga 'taong unat' o mga tagakapatagan. Ang kanilang tirahan ay lagi't lagi ng larangan ng tunggalian bunsod ng regular na dislokasyon na kanilang dinaranas. Kung hindi sa kamay ng mga grupong nais pagtayuan ng minahan ang kanilang mga lupang sinasaka, biktima naman sila ng sagupaan ng militar at komunista. Biktima rin sila ng prehuwisyong kultural ng marami bunsod ng kanilang uri ng pamumuhay at kalakhang kawalan ng sapat na edukasyon. Sa kabuuan, ang minoritya nilang bilang sa bansa ay kasabayan din naman ng minoritya nilang partisipasyon sa mga usaping pambansa.

Sa Mauban, wala ang mga Dumagat sa rehistro ng pambayang kumbatihan, at kaipala, sa pagbubuo ng pambayang identidad. Halimbawa, katulad ng halos kalakhan ng mga bayan at pook sa bansa, hindi naninirahan sa poblasyon ang mga Dumagat. Sa Mauban, matatagpuan sila sa Cagsiy 3, dulong barangay ng Mauban at mararating lamang makaraan ang walong oras na paglalakad kung dadaan sa baybaying dagat o tatlong oras naman kung sasakay ng bangka. Sabihin pa, malayo sila sa bayan at bunsod nito, hindi ganap na nakababahagi sa mga isyung maaaring makaapekto sa kanila. Kung umuwi naman sila sa Mauban, at magdadala ng mga agrikultural na produkto na kanilang ibebenta, niloloko naman sila ng mga taong binebentahan nila. Sa mga araw na may okasyon sa bayan, napirmi na rin sa isipan ng mga tagabayan ang imahen nila na nagbabahay-bahay at nanghihingi ng limos. Kumbaga, hindi lamang sila kinakawawa, may negatibo rin silang representasyon sa kaisipan ng marami. Sa mga nakalipas na taon, may mga inisyatibong mapabuti ang kalagayan ng mga Dumagat sa pamamagitan ng mga proyektong pangkabuhayan para sa kanila at taunang pagbisita sa kanilang pamayanan upang magsagawa ng mga misyong medikal at dental. Subalit ang mga interbensiyong ito ay hindi naman

nakasapat upang maging bahagi sila ng mas marubdob na representasyon at tinig sa pamamalakad sa Mauban.

Lagpas sa 400 daang taon ang agwat nina Gat Uban at Horacio dela Costa subalit hindi kagaya ni Gat Uban, walang rebulto si dela Costa na magpapaalaala sa mga Maubanin sa kaniyang kontribusyon sa kasaysayan ng Mauban bagama't may isang maliit na paalalang plake na itinayo sa isang sangandaan sa Mauban sa ika-100 taon ng kaniyang kapanganakan. Subalit kagaya ni Gat Uban, problematiko rin ang ugnayan ni Horacio dela Costa sa imahinasyon ng mga Maubanin, bagay na kalimitang hindi nabibigyang pansin o sadyang hindi pinapansin.

Dahil yumao siya noong 1976 at ginugol ang maraming taon ng kaniyang buhay sa Maynila at sa labas ng bansa, ang pagkakakilala na lamang sa kaniya ng mga Maubanin ay batay sa kanilang mga nabasa ukol sa kaniya at mga kuwentong lipat-bibig na lamang. Halimbawa, kung babanggitin ang pangalang Horacio dela Costa, kalimitang katalinuhan ang maiisip ng mga Maubanin bunsod ng kuwentong mas mataas ang kaniyang nakuhang grado sa Ateneo kaysa kay Rizal. Hindi man makatarungan ang ganitong paghahambing bunsod ng magkaibang panahon ng kanilang pag-aaral (at magkaibang danas ng kanilang buhay habang nag-aaral), lagi't laging binabanggit ito sa mga usapan ukol kay dela Costa upang bigyang diin ang kaniyang kakaibang galing.

Subalit bukod dito, sadyang wala nang masasabing pambayang komemorasyon sa kaniya. Wala rin namang taunang gawaing magbibigay-alaala sa kaniyang kontribusyon sa paglalagak sa Mauban sa kasaysayan at imahinasyong pambansa. Kumbaga, katulad ni Gat Uban, bagama't sentral ang kaniyang personahe sa mitong-tanawin ng Mauban, marhinal din talaga siya sa gunita ng mga Maubanin bagama't kinakatawan niya ang kakang-gata ng katalinuhang ipinalalagay sa pambayang kumbati na dapat angkinin ng mga Maubanin.

Sa ganitong kalagayan, nais kong ihimatong na kinakatawan ni Horacio dela Costa, o ng kumbati ng kaniyang personahe, ang prehuswiyong angkinin ang tala ng kaniyang pagkatao upang bigyang dangal ang pambayang identidad ng Mauban bagama't hindi na rin naman mahigpit ang ugnayan ni Horacio dela Costa sa Mauban. Kumbaga, sa ngangyuning paghahambing, ang pagtatanghal kay Horacio dela

Costa bilang pagsasakatawan ng dunong at husay ng mga Maubanin ay hindi naiiba sa nakagawiang praktis nating angkinin ang mga sikat na banyagang personahe na may ugnayan—bagama't malabsaw—sa bansa katulad nina Tia Carerre, Jessica Sanchez, Bruno Mars, Lou Diamond Phillips, at iba pa. Magkagayon, si Horacio dela Costa ay manipestasyon ng lunggati ng mga Maubaning angkinin ang kahusayang 'nasa Mauban subalit wala rin sa Mauban' upang maging bahagi ng paglikha ng pambayang identidad.

Tandaang bagama't ipinanganak si Horacio dela Costa sa Mauban, hindi na rin naman siya lumaki sa Mauban at bagama't sinasabing dumadalaw siya sa Mauban noong nabubuhay pa siya, ang mga pagdalaw na ito ay mga panandalian lamang. Sa kabuuan din ng kaniyang akademikong buhay, kakatwang wala siyang nasulat na akda ukol sa Mauban bagama't nasa kaniya ang rekursong maaaring magamit sa pananaliksik ukol sa Mauban (kompara halimbawa kina Bonifacio Villanueva at Genoveva Calleja-Ingles na sumulat ukol sa Mauban bagama't wala silang pagsasanay sa pagsulat ng kasaysayan at wala silang kasapian sa mga akademikong institusyon katulad ni Horacio dela Costa). Kumbaga, kung papansinin, ang lahat ng produksiyong pang-akademiko ni Horacio dela Costa ay nakatuon sa kasaysayan ng Pilipinas at pambansang identidad at mga usaping nauukol sa kasapian niya sa samahang Heswita. Kaya naman, si Horacio dela Costa ay isa munang Heswita at Filipino bago siya Maubanin (sa pagpapalagay na kinikilala niya ang Mauban bilang bayang sa kaniya'y nagluwal). Ang iniinugang espasyo ni Horacio dela Costa ay pambansa at hindi pambayan lamang. Kumbaga, masaklaw ang kaniyang kasapian at bunsod nito, malabnaw ang kaniyang ugnayan sa Mauban. Ang kawalan din ng propesyonal at personal na kumbati ni Horacio dela Costa sa Mauban—o ang absence ng Mauban sa kaniyang mga obra—ang siya rin namang dahilan, sa aking palagay, sa tila hindi rin mahigpit na yakap ng Mauban sa kaniyang alaala, bagay na kalimitang lamentasyon ng mga kamag-anak niya. Sa kabuuan, ang dunong at husay na kinakatawan ni Horacio dela Costa at ang kaniyang ugnayan sa Mauban ay nagsisiwalat din ng patuloy na paghahanap ng Mauban sa magbibigay-hulagway sa identidad nito, kahima't ang mga ugnayang ito'y mahina, malabsak at labusaw.

Pagtatapos

Ang mga monumento ng pag-alaala sa mga kinikilalang personahe ng isang bayan ay kadluan ng mga pangyayaring nagbigay-hugis sa kasaysayang lokal. Binibigyang personahe at indibidwalismo nila ang mga abstraktong konsepto ng tapang, dangal, dunong, husay, at iba pang pagpapahalaga. Sa pamamagitan ng mga personaheng ito, may kadluan ng ugnayan sa nagdaan ang kasalukuyan. Pinagtatibay rin nila ang mga kasapian ng mamamayan sa pamayanang kanilang kinalakhan. Sa pagpapatibay na ito, binibigyang linaw nila ang identidad na dalahin ng pook at ng mga taong naninirahan dito.

Isinisiwalat at sinasariwa rin ng mga monumento at mga personaheng kanilang inaala ang mga nagdaang bahagi ng kasaysayan at dahil dito, patuloy nilang ginagawang sariwa sa alaala ng madla ang mga pangyayaring humubog sa karakter ng isang pook o bayan. Dagdag pa, lunan din sila ng mga tunggalian ng pagpapahalaga at signipikasyon sapagkat pinadadaloy nila ang mga

“[...] the contemporary struggles over the transformation of these old markers and their associated meanings: the rewriting of history and memory and the translations of the past” (Mitchell 448).

Ang tanawin ng isang bayan kagaya ng Mauban ay naglalaman ng mga paalalang monumento na kasama ng iba pang estruktura at naratibo’y nagbubuo naman ng mitong-tanawin ng isang pamayanan. Sa mitong-tanawin na ito, kinakatas ang kinikilalang pinakamahahalagang pangyayari at kinakatawang kakang-gatang katangian ng bayan. Sa pamamagitan nila, binubuo ang naratibong mag-aangkla sa balana sa kasaysayang lokal at magkagayon, sa mas pili at ispesipikong pagtatangi ng panahon. Ang mga pagtatangi at pagkilalang ito naman ay nagbabago. Katulad nga ng paalala ni Osborne, “whatever their original rationale, symbolic spaces are not static but are dynamic sites of meaning and depositories for successive generations’ ideological bric-a-brac” (453).

Subalit may iba pang naratibong hatid ang mga personaheng pangkasaysayan na kaakibat ng mga monumentong kanilang kinakatawan. Ang pagtanggap sa kanila sa kasalukuyan at nagbabagong lagay sa

espero ng pang araw-araw na buhay ay nagpapanukala din ng iba pang mga transpormasyon at mga di-lantad na pagbasa sa kasaysayan ng bayan. Kumbaga, ang mga praktika ng aktibo at hindi aktibong pag-alaala sa kanila ay maaari rin namang paglunsaran ng iba pang pangyayari sa bayan. Nagsisilbi silang tagapagbadya ng mga posibilidad na may mga pangyayaring lagpas sa nakikita at naririnig. Katulad ng nasabi na sa introduksiyon, sa mga hindi ginagawa, may ginagawa at sa mga hindi nangyayari, may nangyayari. At sa lahat ng ito, ang lundo ay salibyakaw na produksiyon ng mga posibilidad sa pambayang identidad, katulad ng ipinakita sa halimbawa ng Mauban.

Sa papel na ito, halimbawa, aking inihimatong na ang pinagsamang sentralidad at marhinalidad nina Gat Uban at Horacio dela Costa sa lawas ng kasaysayan ng Mauban ay nagpapahiwatig din naman ng iba pang pangyayari sa Mauban. Sa kaso ni Gat Uban, ang kawalang programatikong paalala sa kaniya sa mga okasyong pambayan, bukod sa monumentong naitayo sa kaniya, ay nagsusuysoy rin naman sa kawalan ng pormalisado at matibay na estrukturang pambayan na magbibigay-tuon sa halagahin ng kasaysayan at kultura sa pagbubuo ng pambayang identidad. Kasabay rin nito, kinakatawan din ni Gat Uban ang nakaligtaan ng kalagayan ng mga Dumagat sa Mauban at ang papel ng mga Maubanin sa mga nagdaang himagsikan at iba pang mahahalagang pangyayari sa Pilipinas. Kumbaga, katulad ni Gat Uban, lagi’t laging nariyan lamang sila, minsan nakikita, minsan inaalaala, subalit wala nang maigting na ugnayan sa materyalidad ng pang araw-araw na buhay. Kinakatawan naman ni Horacio dela Costa ang kontemporaryong preokupasyon sa pag-aangkin ng kinang ng mga personaheng may ugnayan sa bayan kahiman ang ugnayang ito’y hindi naman matimyas. Ipinakikita ng kaso ni Horacio dela Costa ang tangka ng Maubang bigyang materyal ang signipikasyon ng dunong at husay sa pamamagitan niya bagama’t sa kalaunan ay naglulundo rin naman sa hikahos na ugnayan ni Horacio dela Costa sa Mauban. Bukod sa dahilang ipinanganak si Horacio dela Costa sa Mauban at pagkakaroon ng magulang na Maubanin, wala nang iba pang ugnayang magpapasidhi sa kaniyang kasapian sa Mauban.

Sa paghuhugis ng pambayang identidad, kinakatawan nina Gat Uban at Horacio dela Costa ang kakang-gata ng pagka-Maubanin sa kaakuhang tapang, dangal, dunong, at husay. Ang mga katangiang

ito, sa panambit ng mga opisyal ng Mauban at hiraya ng mga guro sa kanilang mga mag-aaral, ang sinasabing mga katangiang magdudulot ng tagumpay sa mga Maubanin at sa pangkalahatan, magkakaloob ng magandang bukas sa Mauban. Subalit lagpas dito, sinasambit din nina Gat Uban at dela Costa ang iba pang naratibong bahagi ng kasaysayan ng Mauban at pagbuo sa pambayang identidad. Ang kawalan ng partisipasyon sa kultural at politikal na espero ng buhay sa Mauban ng mga Dumagat at kawalan ng pagkilala sa mga Maubaning naging bahagi ng mga pag-aaklas (laban sa mga Espanyol at Amerikano at Batas Militar) sa pamamagitan ng isang pambayang okasyon o monumento kaya ay nagsisiwalat din naman sa hindi malusog na ugnayan ng Mauban sa nakaraan. Patuloy rin namang inapuhap ng Mauban ang kaniya pang ibang potensiyal sa mga Maubaning malabsaw na ang ugnayan sa Mauban subalit kailangang pagtibayin ang ugnayan sapagkat maningning sila at nasa pedestal ng kasaysayan, katulad ni Horacio dela Costa.

Sa pangkalahatan, ang pambayang identidad ay lunan ng mga puwersa at adhikang hinuhubog ng mga imperatibo ng kasalukuyan. Bagama't itinatampok nina Gat Uban at Horacio dela Costa ang sinasabing kakatang-gata ng mga Maubanin—ang aspirasyon sa tapang, dangal, dunong at husay—kinakatawan din naman nila ang iba pang agos at hugis ng kasaysayan ng Mauban. Sinasalamin din nila ang mga hindi nababanggit na bahagi ng lokal na kasaysayan na bagama't may saysay ay periperal din naman sa naratibong pambayan.

Kung magagawi ka sa Mauban, mabuting pasyalan si Gat Uban sa sibul at ang paalalang plake ni Horacio dela Costa. Bahagi sila ng tanawin ng Mauban na nagpapakilala sa nangyayaring kumbatihang bayan sa kasalukuyan. Ipinaalala nila ang ugnayan ng Mauban sa nakaraan at ang mga kinakatawan nilang mga katangian na inaakalang kakang-gata ng pagiging Maubanin. Subalit sa pagdalaw sa mga paalalang nilikha para sa kanila, katulad ng nabanggit sa pag-aaral na ito, may mga sinasabi rin sila ukol sa kasalukuyang mga pangyayari sa Mauban na maaaring mawatasan sa magkasamang sentralidad at marhinalidad nila sa pagtatampok ng kasaysayan at kulturang bayan. Sina Gat Uban at Horacio dela Costa ay ang di-organisadong makinaryang pangkultura at kasaysayan ng bayan, ang mga Dumagat, Maubaning nakibahagi sa iba't ibang pag-aaklas subalit hindi kilala at walang pambayang

komemorasyon at mga 'Maubaning' may malabnaw nang ugnayan sa Mauban— mga bahagi ng kasaysayan ng Mauban na nakikikumbati rin sa pagbubuo ng pambayang identidad.

Sanggunian

- Bell, D. S. A. "Mythscape: memory, mythology, and national identity." *British Journal of Sociology* 54.3 (2003): 63-81. Nakalimbag.
- Bell, J. "Redefining national identity in Uzbekistan: Symbolic tensions in Tashkent's official public landscape." *Ecumene* 6.6 (1999): 183-213. Nakalimbag.
- Edensor, T. "National identity and the politics of memory: Remembering Bruce and Wallace in symbolic space." *Environment and Planning D* 29 (1997): 175-194. Nakalimbag.
- Forest, B. at Johnson, J. "Unraveling the threads of history: Soviet-era monuments and post-soviet national identity in Moscow." *Annals of the Association of American Geographers* 92. 3 (2002): 524-547. Nakalimbag.
- Gordon, D. L. A. at Osborne, B. S. "Constructing national identity in Canada's capital: 1900-2000: Confederation Square and the National War Memorial." *Journal of Historical Geography* 30 (2004): 618-642. Nakalimbag.
- Hay, I. et al. "Monuments, memory and marginalisation in Adelaide's Prince Henry Gardens." *Geografiska Annaler: Series B, Human Geography* 86.3 (2004): 201-216. Nakalimbag.
- Johnson, N. "Cast in stone: Monuments, geography, and nationalism." *Environment and Planning D* 13 (1995): 51-65. Nakalimbag.
- Johnson, N. C. "Mapping monuments: The shaping of public space and cultural identities." *Visual Communication* 1.3 (2002): 293-298. Nakalimbag.
- Lico, G. *Edifice complex: Power, myth, and Marcos state architecture*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2003. Nakalimbag.
- Mitchell, K. "Monuments, memorials, and the politics of memory." *Urban Geography* 24.5 (2003): 442-459. Nakalimbag.
- Osborne, B. S. "Constructing landscapes of power: The George Etienne Cartier monument, Montreal." *Journal of Historical Geography* 24.4 (1998): 431-458. Nakalimbag.
- Palmer, C. "Tourism and the symbols of identity." *Tourism Management* 20 (1999): 313-321. Nakalimbag.
- Reyes, S. S., ed. *Reading Horacio de la Costa, SJ: Views from the 21st century*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2017. Nakalimbag.
- Rigney, A. "Plenitude, scarcity and the circulation of cultural memory." *Journal of European Studies* 35.1 (2005): 11-28. Nakalimbag.

- Sherlock, P. "The monuments of Elizabeth Tudor and Mary Stuart: King James and the manipulation of memory." *Journal of British Studies* 46 (2007): 263-289. Nakalimbag.
- Sorlin, S. "The articulation of territory: Landscape and the constitution of regional and national identity." *Norwegian Journal of Geography* 53.2-3 (1999): 103-112. Nakalimbag.
- Weeks, T. R. "Monuments and memory: Immortalizing Count M. N. Muraviev in Vilna, 1898." *Nationalities Papers* 27.4 (1999): 551-564. Nakalimbag.
- Wikipedia. *Horacio de la Costa*. 6 November 2017. Web. <https://en.wikipedia.org/wiki/Horacio_de_la_Costa>
- Vale, L. J. "Mediated monuments and national identity." *The Journal of Architecture* 4.4 (1999): 391-408. Nakalimbag.
- Young, J. E. "The counter-monument: Memory against itself in Germany today." *Critical Inquiry* 18.2 (1992): 267-296. Nakalimbag.